

Ang Hot Work ay higit pa sa Welding, Burning & Grinding

Marso 2022



Fig. 1: Mainit na Baril (Heat Gun) Pinagmumulan ng pagsiklab



Fig. 2: Pagkatapos ng sunog

Noong Setyembre 21, 2020, isang apoy (Larawan 2) ang nagsimula sa isang balde ng nasusunog na dagta (resin) na ginagamit upang i-reline ang isang Fiberglass Reinforced Plastic (FRP) na tore sa isang pagawaan ng papel. Mga usok mula sa apoy ang ikinamatay ng dalawang kontratista. Maraming aral ang mapupulot sa kaganapang ito. Ang Beacon na ito ay tututuan sa hindi nakontrol na aspeto ng Mainit na Trabaho sa insidente.

Ang planta ay isinara para sa isang pag-aayos, kabilang ang panloob na pag-aayos sa Pataas na Daloy at Pababang Daloy ng pagpapaputing column (Fig. 3).

Ang mga pag-aayos sa mga ito ay pinamahalaan sa ilalim ng dalawang Confined Space Entry (CSE) Permit. Ang Hot Work ay hindi binalak, o pinahintulutan para sa alinmang trabaho. Walang nasusunog na materyales sa mga tore, ngunit ang mga pader ng FRP sa Toreng Pataas ang Daloy ay materyales na nasusunog.

Sa araw ng sunog, ang mga trabahante na nagtatrabaho sa Toreng Pataas ang Daloy (kaliwa) ay nahihirapang pagalingin nang maayos ang kanilang dagta (resin), dahil sa malamig na temperatura. Nang wala silang makitang pampainit ng tambol sa labas ng tore, nagpasya silang gumamit ng mainit na baril (Fig. 1) para sa balde sa kanilang pinagtatrabahuan (markadong pula).

Ang mainit na baril ay hindi sinasadyang nahulog sa isang balde ng dagta, na nag-apoy sa mga nasusunog na nilalaman. Walang pang-apula ng apoy ang mga trabahante, at kumalat ang apoy – na sa kalaunan ay nagpa-apoy sa mga pader ng FRP. Dalawang kontratista na nagtatrabaho sa konektadong Toreng Pababa ang Daloy (kanan; minarkahan ng berde) ay dinaig ng mga usok (gas) bago sila makatakas.

Sanggunian at Mga Pigura

https://www.csb.gov/assets/1/20/evergreen_investigation_report_final.pdf?16709




Fig. 3: Columns idinagdag ang paghahambing ng laki

Alam Mo Ba?

- Ang pag-hihinang, pagpuputol gamit ang apoy at paggiling ay kilalang mga panganib sa Mainit na Trabaho, dahil maari silang maging "pagkalat ng kislap" na mga aktibidad na nagpapadala ng mga kislap sa malayong dako.
- Maraming iba pang mga gamit - tulad ng mga de-koryenteng kasangkapan o kahit na ilang mga kagamitan sa kamay - ay gumagawa din ng higit pang mga lokal na panganib sa pag-aapoy mula sa init o mula sa mga kislap mula sa mga sipilyo ng motor. Habang nagiging mas malakas at mas karaniwan ang mga gamit na pinapagana ng baterya, kinakatawan ng mga ito ang pagtaas ng panganib sa pag-aapoy.
- Ang mga elektronikong kagamitan na ginagamit (hal. mga kamera, kagamitan sa pagsubok, mga tableta) ay kailangang ma-sertipika para magamit sa mga nauuring mga lugar.
- Ang lahat ng mga panganib na ito ay maaaring pamahalaan gamit ang mahusay na pag-paplano ng Mainit na Trabaho at ligtas na mga pagsusuri sa trabaho bago mag-isyu ng mga permiso.
- Minsan, ang mga kontratista ay nagdadala ng iba pang mga panganib sa kanilang mga kasangkapan o materyales sa pagtatayo.
- Kahit na ang isang sunog ay hindi nanakit o pumatay ng mga tao ay maaaring magdulot ng malaking gastos sa isang kumpanya dahil sa pinsala at pagkagambala sa negosyo.
- Ang Trabaho sa Nakakulong na Espasyo ay isa sa pinakamataas na aktibidad ng peligro sa ating industriya. Maraming tao ang nasaktan o napatay sa mga aktibidad na mga iyon.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Kung mag-isyu o mangangasiwa ka ng mga sistema ng permiso sa trabaho, tiyaking nauunawaan mo ang gagawin ng mga kontratista sa trabaho, at ang mga pamamaraan, materyales at kasangkapan na kanilang gagamitin.
- Ang tagapagbigay ng permiso ay may pananagutan na protektahan ang mga kontratista mula sa mga panganib ng mga proseso. Ngunit dapat ding kilalanin ng nag-isyu ang anumang mga panganib na dala ng mga kontratista at protektahan ang mga pasilidad ng kumpanya mula sa mga panganib na iyon.
- Bigyang-diin sa mga manggagawa na kung anumang bagay sa orihinal na plano ay magbago – dapat silang bumalik sa nagbigay ng permiso upang makita kung ang permiso at ang mga pag-iingat ay kailangang baguhin.

Kahit na hindi nagkakatat ng tilamsik, ang paggamit ng mga kasangkapang de kuryente ay Hot Work!